

# **MGA KADALASANG KATANUNGAN TUNGKOL SA DUE PROCESS OF HEARING AND MEDIATIONS SA SPECIAL EDUCATION**

---

## **ANO ANG MGA KADALASANG KATANUNGANG ITO?**

Ang mga kadalasang katanungang ito ay nakalaan para mabigyang daan ang mga magulang, mag-aaral, at ahensiyang pang-edukasyon ng impormasyon kung paano makapasok ang California Office of Administrative Hearings ng Special Education due process na PAGDINIG at mediation system. Ikinunsulta sa California Dept. of Education ang mga nalikhang madalas na naitatanong.

## **ANO ANG OAH?**

Ang Office of Administrative Hearings ay nagbibigay ng walang kinikilingang forum para sa patas at malayang resolusyon ng mga bagay habang tinitiyak ang due process at pag-iingat sa dignidad ng lahat. Ang OAH ay nahahati sa dalawang malawakang dibisyon pang estado: General Jurisdiction at Special Education. Ang dibisyong special Education ng OAH ay naglalaan ng batas hukom pang-administratibo upang dinigin ang pagtatatalo gayun din ang pamamagitan at serbisyong pangkaayusan para sa buong estado, sa paaralan at mga magulang ng mga batang may Special Needs. Ang dibisyon ng Special Education ay may mga tanggapang panrehiyon sa Laguna Hills, Sacramento at Van Nuys.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG MAY PAGTATALO TUNGKOL SA SPECIAL EDUCATION NA KINAKAILANGAN NG MAG-AARAL O KAYA KUNG ANG MAG-AARAL AY NANGANGAILANGAN NG SERBISYO NG SPECIAL EDUCATION?**

Kung magkakaroon ng pagtatalo tungkol sa batang may (o pinagsususpetsahan) special needs, maaring humiling ng due process na PAGDINIG. Ito ay sa pamamagitan ng pagsulat o di kaya ay ang pag fill-out ng OAH at CDE form upang hilingin ang pagkakaroon ng due process na PAGDINIG.

## **SAAN MAKUKUHA ANG MGA FORMS?**

Ang OAH at CDE ay nakalikha ng form at tinawag na “Request for Due process na PAGDINIG and Mediation” upang tulungan ang sinumang humiling ng hearing/pagdinig. Nakalikha rin ng form at tinawag na “Request for Pre-hearing Mediation Only”. Makakukuha ang mga forms na ito sa [www.oah.dgs.ca.gov](http://www.oah.dgs.ca.gov) o sa pamamagitan ng pagsulat at pagatawan sa Office of Administrative Hearings, Special Education Division, 2349

Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833, (916)263-0880). Makukuha rin ang mga forms na ito sa pamamagitan ng pagtawag sa California Department of Education (916)319-0800 o sa pamamagitan ng kanilang website [www.cde.ca.gov](http://www.cde.ca.gov).

### **PAANO AKO HIHILING NG DUE PROCESS O MEDIATION (PAMAMAGITAN) LAMANG (MEDIATION ONLY)?**

Kailangang mag-file ng “Request for Due process na PAGDINIG” o “Request for Pre-Hearing Mediation” lamang sa OAH, Sacramento. Ang partidong humihiling ng Due process na PAGDINIG ay dapat magbigay ng “request copy” para sa kabilang partido. Maari itong ipadala sa pamamagitan ng fax (916)3766319 o ipadala sa Office Administrative Hearings, Special Education Division, 2349 Gateway Oaks Drive, Suite 200, Sacramento, CA 95833.

### **ANO ANG PAGKAKAIBA NG DUE PROCESS NA PAGDINIG AT PAMAMAGITAN LAMANG (MEDIATION ONLY)?**

Ang Pamamagitan ay kusang-loob, lihim/walang nakakaalam, di-pormal na miting, kung saan ang pangkat/panig at may maliit na karanasan sa pamamagitan o “mediation” ay tangkaing pasyahan ang pagtatalo sa maayos na pamamaraan. Ang tagapagpamagitan o “mediator” ay di para magbigay ng payo o paalala sa bawat panig/pangkat, kundi ang padaliin ang pag-uusap ng bawat panig/pangkat. Ang paglahok ng walang kinikilingang tagapagpamagitan o “mediator” ay upang dumating sa kasiyasiyang kapasyahan. Kadalasang napapasyahan ng maayos ang anumang di-pagkakasundo sa tulong ng “mediator” o ng isang tagapagpamagitan.

Ang “mediation” o pamamagitan ay isa sa bahagi ng paraan ng “due process na PAGDINIG”. Gayon man, ang magulang o purok pampaaralan (school district) ay maaaring humiling lamang ng “mediation only” at hindi na kinakailangan ang “due process”.

Ang paglilitis/pagdinig o “hearing” ay isang pormal, tulad ng paghuhukom/paglilitis na naaalinsunod o ayon sa batas, na kung saan, ang bawat panig/pangkat ay maghaharap ng katibayan at argumento sa harap ng Administrative Law Judge (ALJ). Ang ALJ naman ay maglalabas ng pinal/ kahuli huliang nakasulat na kapasyahan/hatol tungkol sa kaso o argumento.

### **SINO ANG MAARING HUMILING NG DUE PROCESS NA PAGDINIG O PAMAMAGITAN LAMANG (MEDIATION ONLY)?**

Ang magulang o di kaya “legal” na tagapag-alaga o “guardian” ng mag-aaral na may kasakunaan/ kawalang lakas o “disability” (o pinagsususpetsahang may kasakunaan) ay maaring humiling ng pagdinig o “hearing” o di kaya “mediation” o pamamagitan. Ang purok pampaaralan o “school district” at iba pang ahensiya ng edukasyon ay maaaring humiling din. Sa ibang pagkakataon, ang isang mag-aaral ay maaring humiling din. Bawa’t isang panig na may di pagkakaunawaan ay tinatawag na “party” o pangkat.

## **GAANO KATAGAL BAGO AKO MAKAHILING NG DUE PROCESS NA PAGDINIG O PAMAMAGITAN (MEDIATION ONLY)?**

Ang Education Code section 56505, subdibisyon (1), nagsasaad na ang paghiling para sa due process na PAGDINIG ay dapat isampa sa loob ng dalawang (2) taon simula sa petsa na ang panig na nagpasimula ng kahilingan ay nakakaalam o may kadahilanan para alamin ang mga katotohanang napapailalim na basehan para sa kahilingan. Ito ay karaniwang tinatawag na “Statute of Limitation”. Subalit, ang dalawang taong probisyong ito ay mayroon din hindi inaangkupan at inirerekomenda ng OAH na ang mga magulang, mag-aaral at purok pampaaralan “school district” na kumuha ng payo mula sa legal na tagapayo upang malaman ang katotohanan ng kahilingan para sa due process.

## **ANO ANG DAPAT NA NILALAMAN PARA SA DUE PROCESS NA PAGDINIG?**

Isang lihim ang lahat ng kahilingan para sa due process na PAGDINIG at pamamagitan. Upang maging sapat na maging legal ang kahilingan para sa due process na PAGDINIG, ay dapat maglaman ng mga sumusunod na impormasyon:

- 1) Ang pangalan ng bata, tirahan, at paaralang pinapasukan ng bata;
- 2) Kung ang bata ay walang tirahan, ang nakakaalam ng impormasyon tungkol sa bata at pangalan ng paaralang pinapasukan niya;
- 3) Ang paglalarawan ng likas na suliranin kasama ang iba pang kaugnay na suliranin; at “halimbawa ang paglalarawan ng katotohanan tungkol sa di pagkakasunduan, gaya ng sino, ano, saan, paano, bakit at kung kalian”;
- 4) Ang mungkahing kapasyahan para sa suliranin kung saan ang panig na may kagustuhan ng ALJ upang sabihan ang dapat gawin ng kabilang panig.

## **ANO ANG MANGYAYARI SA EDUKASYON NG MAG-AARAL HABANG ISINASAGAWA ANG DUE PROCESS NA PAGDINIG?**

Ayon sa batas, ang mag-aaral ay mananatili sa kanyang kasalukuyang klase habang isinasagawa ang due process na PAGDINIG at hinihintay ang paglabas ng kasulatang pasya ng ALJ, maliban na lamang kung o dii kaya nagkaroon ng pagkakasunduan ang purok pampaaralan o “school district” at ang magulang nito. Ang ganitong paraan ay tinatawag na “stay put” ayon sa probisyon ng batas. Mayroon ding mga natatanging probisyon ang “stay put” habang isinasagawa ang ganitong pamamaraan.

## **PAANO KO MALALAMAN KUNG NAKATAKDA NA ANG AKING PAMAMAGITAN AT DUE PROCESS NA PAGDINIG?**

Kayo ay makakatanggap ng nakasulat na dokumento na pinamagatang “Notice of Due process na PAGDINIG and Mediation” mga isang linggo matapos isampa ang hiling para sa due process na PAGDINIG. Ang paunawa ay maglalaman ng petsa, oras at pook ng pamamagitan at due process na pagdinig. Ito ay maglalaman din ng petsa para sa telephonic pre-hearing conference.

### **KAILAN MAITATAKDA (SCHEDULE) ANG “DUE PROCESS NA PAGDINIG”?**

Ang pagdinig ay pasimulang itinatakda sa ika-limampung limang (55) araw matapos makatanggap ng kahilingan, upang magkaroon ng panahon para sa tatalumpung (30) araw ng resolusyong pang-sesyon at maganap ang pamamagitan. Ang ganitong proseso ay kadalasang inaabot ng limang (5) araw bago matapos.

### **ANO ANG MANGYAYARI SA LOOB NG UNANG TATLUMPUNG (30) ARAW PAGKATAPOS MAGSAMPA NG PAGHILING NG “DUE PROCESS” NA PAGDINIG?**

Sa loob ng unang tatlumpung (30) araw pagkatapos humiling ng pagdinig/paglilitis , ang bawat panig ay magkakaroon ng pagpupulong na tinatawag ng “resolution session” o sesyong pangresolusyon.

### **ANO ANG “RESOLUTION SESSION” O SESYONG PANGRESOLUSYON?**

Pagkatapos makatanggap ang purok pampaaralan (school district) ng paunawa (notice) sa magulang na humihiling ng “due process na PAGDINIG”, ang purok (district) ay may labinlimang (15) araw para sumagawa ng pagpupulong na kasama ang magulang at ito ay tinatawag na sesyong pangresolusyon (resolution session). Ang sesyong pangresolusyon ay dapat magkaroon ng isang representante/kinatawan mula sa purok(district) na may kapangyarihang humatol/magdesisyon para sa purok(district). Ang abugadong pampurok (district lawyer) ay hindi maaaring maging bahagi ng sesyong pangresolusyon (resolution session) maliban na lamang kung ang magulang ay may kasamang abugado. Ang sesyon ay nagbibigay ng pagkakataon sa magkabilang panig upang mapagpasyahan ang anumang pagtatalo. Kung hindi nagkaroon ng pagkakasundo sa loob ng tatlumpung (30) araw, isasaayos ang pagtatalakda (scheduling order) para sa mga susunod na pagdinig/paglilitis. Hindi nakasaad sa batas na ang purok(district) ay maaring magharap ng kahilingin para sa pagdinig/paglilitis (hearing).

### **KAILANGAN BANG KASAMA SA SESYONG PANGRESOLUSYON ANG BUONG KOPONAN (TEAM) NG IEP?**

Isinasaad sa batas ang paglahok ng miyembro ng IEP na may kaugnayan at nalalaman tungkol sa kaso.

### **ANO ANG PROSESO SA PAGPAPAALAM/PAGBALITA TUNGKOL SA SESYONG PANGRESOLUSYON ?**

Ang purok (district), hindi ang OAH, ang may responsibilidad para ra pagkakaroon at pagtitipon ng mga taong dapat lumahok para sa sesyong pangresolusyon.

### **MAARI BANG KUSANG TALIKDAN (WAIVE) ANG SESYONG PANGRESOLUSYON?**

Ang magulang at ang paaralang pampurok (school district) ay maaring magkasundo para kusang talikdan (waive) ang sesyong pangresolusyon. Subalit, dapat itong may kasulatan. Maari ring magkasundo ang magulang at paaralang pampurok (school district) na idaan na lamang sa pamamagitan. Kapag nakatanggap ang OAH ng kasulatan upang kusang talikdan (waive) ang sesyong pangresolusyon (resolution session), dito nagtatapos ang itinalagang sesyong pangresolusyon (resolution session), at ang usapin ang dadaan na lamang sa pamamagitan at pagdinig.

### **PAANO KAPAG ANG MAGULANG AY HINDI DUMALO?**

Kapag ang magulang ay hindi dumalo sa sesyong pangresolusyon, hindi maiisakatuparan ang nararapat na gawin ayon sa batas, at ito ang magbibigay daan upang ang kaso ay hindi na diringgin.

### **PAANO KUNG NAGKAROON NG PAGKAKASUNDO/KASUNDUAN HINGGIL SA KASO SA LOOB NG SESYONG PANGRESOLUSYON”**

Kapag nagkaroon ng pagkakasundo o kasunduan tungkol sa kaso habang nasa sesyong pangresolusyon, ang magkabilang panig ay dapat pumirma ng tinatawag na “settlement agreement”. Ang “settlement agreement” ay isang kasulatan na naayon sa batas na ipapatupad ng estado (state) o “federal court” nay may “competent jurisdiction” (sakop na nakakayahan). Ang magkabilang panig ay may tatlong (3) araw pagkatapos pumirma sa kasunduan upang kanselahin ang naturing kasunduan. Kung nakansela ang kasunduan, ang pagdinig ay itutuloy pa rin. Kung nagkaroon ng kasunduan ang magkabilang panig habang nagaganap ang sesyong pangresolusyon, ito ay dapat ipaalam sa OAH sa pamamagitan ng kasulatan.

### **PAANO KUNG ANG SESYONG PANGRESOLUSYON AY HINDI NAGING MATAGUMPAY O NAKANSELA, DAPAT PA RIN BA ITONG IPAALAM NG MAGKABILANG PANIG SA OAH?**

Oo, upang mapadali ng OAH ang pagtatalakda ng petsa ng pagdinig,. Dahil, kung sa loob ng tatlung (30) araw at walang natanggap na pahatid balita, ipagpalagay ng OAH na ang sesyong pangresolusyon ay hindi naging matagumpay at ang usapin ay dadalhin sa pagpapamamagitan at pagdinig.

### **DAPAT BANG MAGHINTAY NG TATLUMPUNG (30) ARAW ANG MSA PANIG BAGO IPAALAM SA OAH ANG HINDI PAGKAKAROON NG KASUNDUAN SA PAG-UUSAP SA LOOB NG SESYONG PANGRESOLUSYON, SAMAKATUWID, ITUTULOY ANG PAGDINIG ?**

Kung ang mga panig ay humantong sa hindi pagkakasundo bago matapos ang tinakdang tatlumpung (30) araw at nakapagbigay sa OAH ng kasulatang naglalahad ng pahayag tungkol sa usapin na pirmado ng bawat panig, ang pag-uusap ay dadalhin sa pamamagitan at pagdinig . Hindi aayunan ng OAH na tapos na ang nakatakdang panahong nakalaan para sa usapin base lamang sa pahayag ng isang panig na ang magkabilang panig ay hindi nagkakasundo..

### **ANONG MANGYAYARI PAGKALIPAS NG TATLUMPUNG (30) ARAW?**

Ang magkabilang panig ay dadalo sa nakatalakdang pamamagitan.

### **ANO ANG PAMAMAGITAN?**

Ang pamamagitan ay isang paraan upang tulungang mapadali ang pagkakaroon ng pagkakaunawan o kasunduan ang isang usapin sa tulong ng sanay na tagapagpamagitan, na walang kinikilingan (unbiased) at independente. Ang tagapagpamagitan ay tutulong sa magkabilang panig upang makahanap ng kalutasan na aayunan ng bawat panig. Sa pamamagitan ang magkabilang panig ay nagtutulungan upang humantong sa kailulutas ng usapin na katanggap-tanggap ng magkabilang panig. Ang mga panig ang magdedesisyon kung ang pag-uusap ay lutas na. Kapaf hindi nagkaroon ng pagkakasundo sa pamamagitan, ang bawat panig ay may karapatang ipagpatuloy ang due process na pagdinig.

### **PAANO KUNG ANG ISANG PANIG AY AYAW DUMALO SA PAMAMAGITAN?**

Ang pamamagitan ay isang proceso na kusang-loob. Ito ay iminumungkahi sapagkat ito ang magiging daan tungo sa pagkakaayos ng pagtatalo, subalit ang pagdalo dito ay kusang-loob. Kung ang isa sa panig ay tumanggi sa pagkakataon upang magkaroon ng pamagitanan, ang pagtatalo ay itutuloy sa pagdinig.

### **PAANO KUNG KAILANGAN KO NG TAGAPAGSALIN (INTERPRETER) SA PAMAMAGITAN ?**

Kung kailangan mo ng tagapagsalin ng lenguahe, o tagapagsalin para sa may kapansanan (bulag at pipi), dapat ipagbigay alam sa OAH bago mag-umpisa ang pamamagitan.. Magtatalaga ang OAH ng tagapagsalin at ang ito ay babayaran ng estado (state). Sa paghiling ng tapagsalin, dapat ipaalam kung anong lenguahe ang isasalin at klase ng interpretasyong kailangan.

### **AKO BA AY PAHIHINTULUTANG MAGKAROON NG TAGAPAGTANGGOL UPANG KUMATAWAN SA AKIN?**

Maari kang kumuha ng tagapagtanggol upang kumatawan sa iyo sa panahon ng pamamagitan kung ito ay nakatalakda (schedule) bilang parte/bahagi ng iyong “due

process na PAGDINIG”. Kailanman ay di ka maaaring magkaroon ng tagapagtanggaol (attorney) na itinalaga/ibinigay para sa iyo na di ayon sa iyong kagustuhan.

### **SAAN AKO MAKAKAKUHA O MAKAKAHANAP NG TULONG NG ISANG TAGAPAGTANGGOL O TAONG MAARING KUMATAWAN PARA SA AKIN?**

Ang OAH ay may listahan ng mga tao at organisasyon na maaring makapagbigay ng libre o murang serbisyo na magtanggol at kumatawan ng sino man. Ito ay maaring makuha sa paghiling sa OAH at matatagpuan din ang listahang ito sa kanilang website. Iba pang paraan upang makahanap ng ganitong serbisyo ay sa pamamagitan ng pagtatanong sa local na paaralang pampurok o sa internet.

### **BAKIT KAILANGANG DUMALO ANG MAGKABILANG PANIG SA PAMAMAGITAN?**

Hinihikayat ng batas federal at estado ang paggamit ng pamamagitan para sa paglutas ng anumang pagtatalo ukol sa “special education”. Karamihan ng pagtatalo ukol sa special education ay nalulutas sa paraan ng pamamagitan. Ito ang piniling paraan upang malutas ang mga pagtatalo sa mga sumusunod na kadahilanan:

1. Ang mga panig ay may higit ang pagkakaroon ng magandang pagkakaunawan sa hinaharap kung ang paglutas o solusyon sa nasabing pagtatalo ay pinagayunan at pinagtibay ng bawat isa.
2. Sa pamamagitan, ang magkabilang panig ay nagkakaroon ng malawak na pag-uusap upang dumating sa solusyong nauukol sa kanila. Kung ang pagtatalo ay dadalhin sa pagdinig na kung saan ang ALJ ang siyang magbibigay ng hatol o desisyon, ito ay maaring hindi lubusang magbibigay kasiyahan sa mg panig.
3. Kung nagkakaroon ng pagkakasundo ang mga panig sa paraan ng pamamagitan, ang kasunduan ay ilalagay sa kasulatan at lalagdaan ng bawat isa at ipapatupad agad sa araw at petsa ng pagkakalakda. Kung ang kaso ay ihaharap sa pagdinig, bibigyan ng sapat na panahon ang ALJ para pag-aralan ang mga ebidensiyang inilatag at iniharap at pagkataopos ay maglalabas ng nakasulat na hatol na naghahayag ng kanyang kapasyahan.
4. Ang pamamagitan ay mas mura kaysa pagdinig. Tipid din sa oras at makakatulong upang mabawasan ang sobrang pag-iiisip ng isang tao.

### **ANG PAMAMAGITAN BA AY LIHIM/ WALANG NAKAKAALAM?**

Maliban sa kadahilanan ng pagpapatupad , anumang kasunduan at mga bagay na naihayag sa pamamagitan ay isang lihim at pinangangalagaan ng batas upang hindi mabunyag sa ibang dako o pagkakataon.. Ito ay upang hikayatin ang mga panig na maging malaya sa pamamahayag ng kanilang damdamin na walang kinakatakutang maaring maganap pagkatapos magbigay ng kani-kanilang pahayag.

## **ANO ANG NANGYAYARI SA PANAHOON NG PAMAMAGITAN?**

Ang lahat ng tagapagpamagitan ay may kanya-kanyang pamamaraan sa pamamagitan, karamihan ng mga tagapagpamagitan ay nag-uumpisa sa isang silid kasama ng mga panig. Ipapaliwanag ng tagapagpamagitan ang proseso at kadalasang tinatanong ang mga panig na ipaliwanag ang kani-kanilang paninindigan sa pagtatalo o usapin. Pag-aaralan ng tagapagpamagitan ang kabuuan ng usapin at tatawag pakikipag-uusap. Maaring tapusin ng tagapagpamagitan ang usapin sa magkahiwalay na silid. Ito ay tinatawag na “caucusing”. Sa panahon ng “caucusing”, ang tagapagpamagitan ay tumutungo sa magkabilang panig upang sulunging makakuha ng magkaparehong basehan at kasulutan. King paminsan, ang magkabilang panig ay pinagsasama sa isang silid, at kung minsan ay hindi.

## **PAANO MALALAMAN NG MGA PANIG ANG TUNGKOL SA PAMAMAGITAN?**

Kapag ang pagdinig o pamamagitan ay hiniling, ang OAH ay nagpapadala ng paunawa (notice) sa magkabilang panig kung saan nakalahad ang petsa at lugar ng pamamagitan. Magtatalaga ng mamamagitan bago umpisahan ang pamamagitan. Ang impormasyon tungkol sa tagapagpamagitan ay maaaring malaman sa pagtawag sa opisina ng Sacramento OAH o di kaya sa “online calendar” saw [www.oah.dgs.ca.gov](http://www.oah.dgs.ca.gov).

## **SAAN GINAGANAP ANG PAMAMAGITAN?**

Ang pamamagitan ay kadalasang ginaganap sa purok pampaaralan (school district) o sa malapit na opisina ng OAH.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG PAMAMAGITAN AY NAGING MATAGUMPAY?**

Ang magkabilang panig ay lalagda ng kasulatang nagsasaad ng matagumpay na kasunduan sa pagtatalo. Pinal na isasara ng OAH ang usapin kapag ang pamamagitan ay naging matagumpay.

## **ANG PROSESO BA AY NAIIBA KUNG ANG HINILING AY “MEDIATION ONLY”?**

Ang proseso ay halos magkapareho, maliban sa hindi maaring pagdalo ng tagapagtanggol o sino mang kakatawan sa “mediation only”. Kung hindi nagkaroon ng kasunduan ang mga panig sa “mediation only”, ang usapin ay sarado o tapos na. Gayon man, maaring humiling ang sino man sa magkabilang panig ng “due process na pagdinig” kung ang usapin ang hindi naging matagumpay.



## **KUNG ANG PAMAMAGITAN BA AY HINDI NAGING MATAGUMPAY, ANG DATING NAITALANG ALJ DIN BA ANG HAHARAP SA DUE PROCESS NA PAGDINIG?**

Ang tungkulin ng pamamagitan at pagdinig ay magkaiba at magkahiwalay, nang sa ganun, ang bawat ay magkakaroon ng malayang deretsahang pagpapahayag ng kanilang pagtatalo. Hindi kailanman sinasabi ng tagapagpamagitan sa ibang tao ang anumang pag-uusap. Tungkulin lamang ng tagapagpamagitan ang mag-uulat kung kung naging tagumpay o hindi ang pamamagitan. Sa karagdagan, ang lahat ng kasulatan o dokumento na nabuo sa pamamagitan ay maayos na nakaselyo at may markang “confidential”.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG HINDI NAGING MATAGUMPAY ANG PAMAMAGITAN AT HUMILING ANG ISANG PANIG NG DUE PROCESS NA PAGDINIG?**

Ang pag-uusap ay itutuloy sa due process na pagdinig sa harap ng ALJ sa petsang nakatalakda sa “scheduling order” maliban na lamang kung ito ay nakansela (tingnan ang impormasyon tungkol sa “continuances” sa ilalim). Isang, ‘telephonic pre-hearing conference” ang itatakda sa “scheduling order”, at ito ay isasagawa bago mag-umpisa ang pagdinig.

## **SINO ANG MAGSASAWA NG “PRE-HEARING CONFERENCE” AT NG “DUE PROCESS NA PAGDINIG”**

Ang “Administrative Law Judge” (ALJ) galling sa OAH ang magsasagawa ng “due process na pagdinig” katulad din ng isang hukom (judge) sa isang paglilitis (trial). Hindi kailanman kikiling ang ALJ sa kanino mang panig, at ito ay independente sa paaralang pampurok at “California Department of Education”. Ang ALJ ang namumuno sa pagpapatakbo sa pagdinig; nakikinig sa ebidensiya at argumento ng magkabilang panig, at siyang nagpapalabas ng pinal na desisyon,. Ang ALJ ay magtatakda ng “telephone conferences” or pagpupulong bago sumapit ang pagdinig, nagbibigay ng kasulatang utos, at siyang may kapangyarihan sa proseso ng pagdinig. Lahat ng mga ALJ ay lisensiyadong “California attorneys” na nakatanggap ng masusing pag-aaral sa aspeto ng “special education law” sa pamamaraan ng administratibong pagdinig (administrative hearing).

## **KAILANGAN KO BA NG TAGAPAGTANGGOL HABANG ISINASAGAWA ANG DUE PROCESS NA PAGDINIG?**

Kung ikaw ay isa sa mga panig sa “due process na PAGDINIG”, ay hindi mo na kailangan nakumuha ng tagapagtanggol. Maaari mo ng katawanin ang iyong sarili at ang iyong anak Kung pinili mong katawanin ang iyong sarili, dapat mong malaman ang batas at alituntunin sa usaping iyong haharapin. Ang OAH ay hindi magbibigay sa iyo ng payo alinsunod sa batas o tulongan kang ihayag at ipaliwanag ang iyong usapin o kaso. Maari kang gabayan sa buong proseso ng pagdinig ng isang tao na may kaalaman at kasanayan

sa paghawak ng mga kaso o problema ng “special education students”, sa iyong sariling gastusin. Sa kahilingan ng magulang, ang OAH ay magtatalaga ng mamamagitan (mediator) na walang bayad para tulungan ang magulang na suriin ang mga usapin at mungkahing kapasyahan na nakalahad sa paghiling ng “due process na PAGDINIG”. Subalit, ang itinalagang tagapagpamagitan ng OAH ay tutulong lamang sa paghahanda ng mga dokumento at tanong sa nasabing proseso. Ang mamamagitan ay hindi maaring magbigay ng anumang payo naalinsunod sa batas.

### **AKO BA AY PAHIHINTULUTANG KUMUHA NG TAGAPAGTANGGOL PARA KUMATAWAN SA AKIN?**

Maari kang kumuha ng tagapagtanggol para kumatawan sa iyo sa panahon ng due process na PAGDINIG. Wala kang karapatang magkaroon ng tagapagtanggol na itakda para sa iyo.

### **KAILANGAN KO PA BANG IPAGBIGAY-ALAM SA KABILANG PANIG KUNG AKO AY PANGANGATAWANAN NG ISANG TAGAPAGTANGGOL( ATTONEY)?**

Isinasaad sa batas na dapat ipagbigay alam ng isang panig sa kabilang panig sampung (10) araw bago dumating ang pagdinig kung nais nito na isang tagapagtanggol ang kumatawan sa kanya sa proseso ng pagdinig.

### **PAANO ANG PAGBAYAD SA ISANG TAGAPAGTANGGOL?**

Ang mga magulang ay maaring mag –reimburse ng “attorney’s fee” kung siya ng nagtagumpay bunga ng paghaharap sa due process na PAGDINIG. Maaring mag “reimburse” ang paaralang pampurok kung ang mga magulang ay may hindi kanais-nais na kadahilanan sa paghiling ng prosesong pagdinig. Ang ALJ ay nakatalagang humarap sa usapin o kaso ay hindi magbibigay ng “attorney’s fees”. Ang sinumang gusting makabawi ng “attorney’s fees” ay kailangang magharap ng ibang kaso o usapin sa federal or pang-estadong hukuman.

### **SAAN AKO MAKAKAKUHA O MAKAKAHANAP NG TAGAPAGTANGGOL O SINO MANG MAARING KUMATAWAN SA AKIN PARA SA “DUE PROCESS NA PAGDINIG”?**

Ang OAH ay may listahan ng mga tao at organisasyon na maaring magbigay ng tulong na walang bayad o di kaya sa murang halaga. Ang listahang ito ay makikita sa website ng OAH. Ang iba pang paraan upang makakuha ng tulong ay sa local na purok pampaaralan (local school district) o di kaya sa internet.

### **PAANO KUNG AKO AY NANGANGAILANGAN NG TAPAGSALIN SA “DUE PROCESS NA PAGDINIG”?**

Kung ikaw ay nangangailangan ng tapagsalin ng lenguahe o tagapagsalin para sa may mga kapansanan (bulag o pipi), dapat mong ipagbigay alam sa OAH bago ang

pamamagitan, pagdinig o di kaya panahon kung kailangan ang tagapagsalin. Ito ay itatalaga ng OAH na sagot ng estado. Sa paghiling mo ng tagapagsalin, siguraduhing ipaalam kung anong lenguahe o klase ng tagapagsalin ang iyong kailangan.

### **PAANO KUNG AKO AY HINDI MAKADADALO SA PETSANG ITINALAKDA (SCHEDULE)?**

Maaari mo itong kanselahin, ito ay tinatawag na “continuance”, hanggat ikaw ay may magandang kadahilanan para hilingin ito. Sa pagpapatuloy ng pagdinig humiling lamang ang isa o iba pang panig ng petsa sa pagpapatuloy ng nasabing usapin. Ang pagpapatuloy ng usapin ay isa ring dahilan upang ang paglabas ng hatol ukol sa usapin ay matagalan.

### **ANO ANG “MAGANDANG DAHILAN” PARA SA “CONTINUANCE”?**

Upang malaman kung may karapat-dapat na dahilan para sa isang “continuance”, susuriin ng ALJ ang mga dokumentong sumusuporta sa paghiling ng “continuance”, na nakasaad sa alituntunin ng OAH sa paghiling ng “continuance”, at ang utos ayon sa batas kung paano mapapadali ang paglutas ng pagtatalo o usapin sa “special education”.

### **PAANO ANG PAGHILING O PAGSAGOT SA KAHILINGAN NG “CONTINUANCE”?**

Kung maaari, ang panig na humihingi ng “continuance” ay dapat kumontak sa kabilang panig upang magtanong kung ito ay sumasangayon sa hihilinging na pagpapatuloy ng pagdinig. Kung ang magkabilang panig ay nagkakasundo, ang usapang ito ay dapat ilagay sa isang kasulatan para sa OAH. Ang mga panig ay dapat magbigay ng mga magandang kadahilanan sa paghiling ng “continuance”.

Kung ang mga panig ay hindi nagkasundo sa “continuance” ng pagdinig, ang panig na siyang humihiling ng “continuance” ay nararapat na humiling sa pamamagitan ng kasulatan sa OAH at gayun din ang pagbibigay ng kopya sa kabilang panig. Sa kasulatang ito ay dapat nakasaad ang mga dahilang susuporta sa paghiling ng “continuance”, dapat ding nakasaad kung saan nakuha ang impormasyong nakalagay upang kailanganin ang “continuance”, dapat ding magpakita ng pruwera na ang kopya na ang kahilingang ito ay sabay na ipinadala sa kabilang panig.

Kung nais mong tanggihan ang kahilingan para sa “continuance”, nararapat na ikaw ay magpadala ng kasulatan na nakasaad ang kadahilanan ng iyong pagtutol sa nasabing kahilingan sa OAH sa loob ng tatlong (3) “business days” sa paghiling ng “continuance”.

### **ANO ANG ALITUNTUNIN NG OAH SA PAGHILING NG “CONTINUANCE”?**

Ang lahat ng kahilingang sa “continuance” ay alinsunod sa alituntunin ng “presiding administrative law judge( PALJ) o di kaya ng kanyang “designee”. Habang naghihintay sa hatol ukol sa paghiling ng “continuance”, ang bawat panig ay dapat maging handa sa pagpapatuloy ng proseso sa petsa at oras na nakatalakda.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG KAHILINGAN SA “CONTINUANCE” AY IPINAGKALOOB?**

Kung ang kahilingan para sa “continuance” ay naipagkaloob, ang pagdinig ay muling itatalakda at bibigyan ng hanggang “45-day” na hangganan. Ang OAH ay magpapalabas ng impormasyon hinggil sa petsa ng PAGDINIG o kaya ay magtatalakda ng “telephonic trial setting conference” upang malaman ang petsang sasang-ayunan ng bawat panig para sa “pre-hearing conference” at pagdinig.

## **PINAHIHINTULUTAN BA ANG PANGSANG-AYON NG BAWAT PANIG PARA IPAGKALOOB ANG “CONTINUANCE”?**

Samantalang ang mga panig ay maaaring magkasabay na hihiling ng “continuance”, ayon sa batas bawat panig ay dapat pa ring magpatunay na ang paghiling ay may “magandang dahilan at ito ay pagpapasyahan ng PALJ. Ang pagpapahayag ng mga panig ay hindi maaaring kapalit sa kinakailangang paghahain ng magandang dahilan. Gayon man, ang pagsang-ayon ng mga panig sa kahilingan para sa “continuance” ay maaring ayunan o tanggapin sa pagtataya ng magandang dahilan.

## **ANG MGA PANIG BA AY PINAPAYAGANG SUMANG-AYON SA PARTIKULAR NA PETA SA NG PAGDINIG BILANG PARTE NG “CONTINUANCE”?**

Ayon sa batas, ang ganitong usapin ay dapat dinggin sa tiyak o particular na petsa at oras. Ang mga panig ay hinihikayat na magkaroon ng kasunduan ukol sa petsa ng PAGDINIG sa ganitong usapin. Aayunan ng OAH ang pipiliin ng magkabilang panig sa pagsasayos ng usapin pagkatapos masuri nito ang magandang dahilan para sa kahilingan ng “continuance”.

## **BAGO UMPISAHAN ANG “DUE PROCESS NA PAGDINIG”, ANO PA ANG MGA DAPAT MAGANAP?**

Bago pa umpisahan ang PAGDINIG, maraming “pre-hearing events” ang magaganap. Ito ay ang tinatawag na, “motions”, “trial setting conferences”, “status conferences” at “pre-hearing conferences”.

## **ANO ANG MOTION?**

Ang motion ay simpleng kasulatan na humihiling sa ALJ na hatulan ang isang partikular na usapin bago pa lamang umpisan ang proseso ng PAGDINIG (hearing).

## **KAILAN KO DAPAT GAWIN ANG “PRE-HEARING MOTION”?**

Ang mga sumusunod ay mga halimbawa ng usapin na akma sa kapasiyahan sa paghiling ng “pre-hearing motion”.

1. Kung may nakikitang “magandang dahilan” para sa “continuance”.
2. Pagsasaalang-alang sa “stay put” na kalagyan ng mag-aaral habang pnagpasiyahan ang pagtatalo.
3. Pagpapaalis ng isang panig o mga panig; at
4. Pagsasa-isa ng dalawang (2) usapin para sa PAGDINIG

### **PAANO AKO HIHILING O MAKAKAKUHA NG “PRE-HEARING MOTION”?**

Ang isang panig ay maaaring makakuha ng usapin para sa “pre-hearing” sa pamamagitan ng pagbibigay ng nakasulat na kahilingan. Ito ay tinatawag na “motion”. Ang lahat ng kahilingan para sa “motion” ay dapat iharap sa pamamagitan ng kasulatan sa OAH na nasa Sacramento. Ang iniharap na kasulatan hinggil sa “motion” ay dapat nagsasaad ng partikular na pangyayari at may legal na kapangyarihan (legal authority) na nagpapatunay ng “motion”, at katunayan na ang kabilang panig ay napadalhan ng kopya ng nasabing “motion”. Kung ang mahalagang impormasyon sa “motion” ay pinagtatalunan, ang affidavit tungkol sa katotohanan na gunawa sa ilalim ng multa ng perjury ay kailangang maisama sa motion.

### **BAGO MAGDESIYON ANG OAH UKOL SA MOTION, MASISIGURO BA NG OAH NA ANG BAWAT PANIG AY MAKATATANGGAP NG KOPYA NG “MOTION”?**

Ang panig na naghaharap ng kahilingan para sa motion ang dapat magbigay o magpadala ng kopya ng motion sa kabilang panig sabay ng paghaharap nito ng motion sa OAH. Ang OAH ay hindi nagbibigay ng kopya ng motion sa kabilang panig.

### **PAANO AT KAILAN KO DAPAT TANGGIHAN ANG MOTION? KAILAN IPAGKALOOb NG OAH ANG MOTION?**

Ang panig na nais magharap ng pagtutol sa motion ay may tatlong (3) regular na araw na may pasok sa paghulog ng koreo upang magpadala ng kopya ng tugon ukol dito sa OAH at sa iba pang panig. Pagkaraan ng tatlong (3) regular na araw na may pasok, maaari ng ipagkaloob ng OAH ang motion, subalit ang oras at petsa ng pagdinig ay depende sa uri ng motion, ang pagka-apurahan nito at ang lapit sa petsa ng pagdinig.

### **ANG “PRE-HEARING MOTIONS” BA AY NAKATALAGA SA ALJ UPANG HAWAKAN ANG USAPIN?**

Karamihan ng motions na iniharap bago ang pagtalaga ng ALJ galing sa isang upsina ng OAH ay hahawakan ng Presiding Administrative Law Judge ng Sacramento office o kaya’y ng sino mang maitalaga para dito. Ang motions na iniharap pagkatapos na makapagtalaga ng ALJ ay hahawakan na ng ALJ na nakatalaga.

## **ANO ANG KUMPERENSIYANG TRIAL SETTING?**

Ito ay maikli, hindi nakatalang kumperensiyang telephonic na pinasisimulan ng ALJ mula sa isang opisina ng OAH kung saan ang petsa at oras para sa patuloy na pagpoproseso ay nakatakda, tulad ng kumperensiya bago ang pagdinig at ng due process na pagdinig. Ito ay nagbibigay sa bawat panig at ng ALJ ng oportunidad na komunsulta sa kanilang kalendaryo at sumang-ayon sa petsa na katanggaptanggap para sa lahat.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG AKO AY HINDI DUMALO SA TRIAL SETTING CONFERENCE?**

Ang kumperensiya ay magtutuloy kahit ikaw ay hindi dumalo, at ang kabilang panig at ALJ ang magtatakda ng petsa para sa mga sumusunod na proseso na nakasisiya para sa kanila.

## **ANO ANG KUMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG (PRE-HEARING CONFERENCE)?**

Ang kumperensiya bago ang pagdinig ay isang pag-uusap, kadalasan sa telepono, ng ALJ at ng mga panig na nagtataya sa mga darating na pagdinig. Maaring pag-usapan ng mga panig at ng ALJ ang anumang usapin kung paano ang proseso ng pagdinig, katulad ng mga kailangang katanungan tungkol sa usapin, tagal ng pagdinig, karagdagang petsa ng motion at pagdinig, at ang pangangailangan ng tagapagsalin o kay akomodasyong espesyal (special accommodation) sa pagdinig. Ang ALJ ay maaring sumaklaw sa paghahayag ng testigo, ebidensiya at ng pagtatanghal. Ang kumperensiya bago ang pagdinig ay maari ring magdesisyon kung sinong panig ang unang maghahain ng kaso at kung anong dokumento, ebidensiya at testigo ang kanilang ihaharap. Ang bawat panig ay kailangang ilagay sa kasulatan ang anumang usapin ukol sa paglalahad bago ang pagdinig (pre-hearing statement) na ihaharap tatlong(3) araw ng may pasok bago ang kumperensiya bago ang pagdinig.

## **MANANATILI BA ANG HUKOM NG BATAS ADMINISTRATIBO NA MAMAHALA NG KUMPERENSIYA BAGO ANG PAGDINIG BILANG TAGAPAGPAMAHALA SA NAKATAKDANG PAGDINIG?**

Nagsisikap ang OAH na gawin ang pagtatalaga sa ALJ na mamamahala sa kumperensya bago ang pagdinig sa nakatakdang pagdidinig. Subalit, maaaring ang suliranin sa pag-iiskedyul ay mangangailangan ng ibang itatakdang ALJ upang mamahala sa pagdinig.

## **PAANO KUNG AYAW KONG GAMITIN ANG ALJ NA NAKATAKDA UPANG DINIGIN ANG AKING KASO?**

Isang parentoryong hamon ay ang diskwalipikasyon ng isang nakatakdang ALJ na mamumuno sa pagdinig. Maaaring hamunin ng isang panig ang pagtakda ng ALJ sa anumang kadahelanan. Susuriin ang hamon, at kung ito ay ipagkaloob, magtatakda ng

ibang ALJ. Kung gustong magharap ng isang partido ng parentoryong hamon, kailangang maisagawa ito pag may nakatakda nang ALJ. Malalaman ito sa pakikipag-ugnayan sa tanggapan ng OAH sa Sacramento o kaya sa kanilang website na [www.oah.dgs.ca.gov](http://www.oah.dgs.ca.gov). Hindi na maaaring maganap ang hamon kapag nagsimula na ang pagdinig o pre-hearing conference.

### **ANO ANG GAGAWIN KONG PAGHAHANDA PARA SA PAGDINIG?**

Sa paghahanda ng pagdinig, hindi lang ang isyu na dapat na tukuyin ng ALJ ang dapat pagpasyahan ng partido, ngunit kailangan ding maghanda ng ebidensiyang ipapakita sa araw ng pagdinig upang suportahan ang panig ng partido sa mga isyu. Hinihingi rin ng batas na bago dumating ang pagdinig, ang bawat panig ay dapat na maging tiyak sa kanilang pagpapahayag ng mga sumusunod:

1. mga mungkahing isyu
2. mga mungkahing resolusyon
3. mga ebidensiyang ihaharap sa pagdinig
4. mga testigong tatawagin para magpapatunay, at
5. representasyon ng isang abogado

### **MAAARI KO BANG KUNIN ANG REKORD NG AKING ANAK SA PAARALAN?**

May karapatan ang magulang na pag-aralan ang lahat ng record ng mga mag-aaral na nananatili sa purok pampaaralan at may kaugnayan sa kanilang anak at upang tanggapin ang kanilang kopya sa loob ng limang (5) araw na may pasok pagkatapos sa paghiling nito. Kailangang tumawag o sumulat ang magulang sa purok pampaaralan upang makahiling ng rekord ng mag-aaral.

### **KAILANGAN KO BANG MAGBIAY NG PABATID NG EBIDENSYA NA PLANO KONG IHAIN O ILATAG SA PAGDINIG?**

Ayon sa batas, ang bawat panig ay kailangang magbigay sa kabilang panig ng mga kopya/sipi ng lahat ng dokumento na balak gamitin ng panig sa pagdinig. Ang bawat panig ay dapat magbigay ng talaan ng lahat ng mga testigo na magbibigay ng testimonya at maikling paglalarawan sa kanilang aasahang testimonya sa kabilang panig.

### **KAILAN IBIBIGAY ANG EBIDENSYA SA KABILANG PANIG AT SA OAH?**

Kailangan matanggap ng kabilang panig ang ebidensya limang (5) araw na may pasok bago maganap ang pagdinig. Hindi na kailangan magpadala sa OAH ng kopya/sipi ng pagpapatunay, subalit ang kopya para sa ALJ ay kailangang madala sa ara ng pagdinig. Isa pang kopya ay kailangang maipadala sa pagdinig upang gamitin ng testigo.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG HINDI AKO MAKAPAGBIGAY NG EBIDENSYA SA KABILANG PANIG LIMANG (5) ARAW NA MAY PASOK BAGO ANG PAGDINIG?**

May malayang pagpapasiya ang ALJ upang hindi isama ang ebidensya.

## **PAANO AKO MAKAKATIYAK NA ANG TESTIGO AY DARATING SA PAGDINIG?**

Karamihan sa mga testigo ay kusang dumarating kapag sinasabihan. Karaniwang tumatawag ang purok pampaaralan ng maraming testigo na maaaring tanunging maging saksi para sa distrito/purok. Kung ang testigo ay hindi pumapayag na boluntaryong darating, maaaring makakuha ng “subpoena” sa OAH na ibibigay ng nangangailangang panig, upang makatiyak sa pagdalo ng testigo. Kailangang sumunod sa mga kakailanganin sa pagpapadala ng “subpoena”. Matatagpuan ang mga kailangan sa Government Code sesiyon 11450.05 hanggang 11450.50. Makikita sa aklatan ng pagbabatas ang Government Law at sa website na <http://www.leginfo.ca.gov>.

## **KAILANGAN MAISKEDYUL ANG PAGDINIG NG DUE PROCESS?**

Iniiskedyul ang pagdinig sa ano mang regular na araw na may pasok, depende sa kahandaan (availability) ng ALJ at sa petsang karaniwang pinili ng partido. Ang oras ng pasisimula ay depende sa lugar at oras na hiniling ng ALJ upang puntahan ang lugar ng pagdinig. Karaniwang nagsisimula ang pagdinig ng 9:30 ng umaga at nagtatapos ng ika-5 ng hapon.

## **SAAN MAGAGANAP ANG PAGDINIG?**

Hinihiling ng batas na ang pagdinig ay gaganapin sa isang lugar na maginhawa para sa magulang at mag-aaral. Karaniwang nagaganap ang pagdinig sa pasilidad ng paaralang-lokal. Ang silid-dinigan ay kailangang may isang mesa para sa mga kinatawan ng mga mag-aaral, isang mesa para sa kintawang pang-distrito/pampurok, isang mesa para sa ALJ at isang mesa para sa testigo. Lahat ng opisina ng OAH ay may silid-dinigan. (Sacramento, Oakland, Los Angeles, Van Nuya, Laguna Hills, at San Diego)

## **MAGPAPAPADALA BA NG MGA SIPI/KOPYA NG MGA DOKUMENTO ANG OAH GAYA NG PAGPAPABATID NG DUE PROCESS NA PAGDINIG SA TAGAPAGTANGGOL O SA ISANG PARTIKULAR NA TANGGAPAN NG MAMBABATAS PAGKATANGGAP NG NAKASULAT NA PABATID UPANG ISAGAWA ITO?**

Karaniwang nagpapadala lamang ng mga pabatid na dokumento ang OAH sa mga panig ukol sa bagay na ito. Ang nakasulat na pabatid ng representasyon ay kailangang matanggap sa bawat kaso bago maipadala ang pabatid sa abogado o sa tanggapan ng mambabatas.



## **ANO ANG MANGYAYARI SA ARAW NG PAGDINIG?**

Layunin ng pagdinig na mapahintulutan ang lahat ng panig na magpahayag ng ebidensiya upang suportahan ang kanilang posisyon at upang ipaliwanag sa ALJ kung bakit naniniwala sila sa kailangan nilang manaig sa mga isyu na kanilang naririnig. Ang pagdinig ay hindi pinamamahalaan ng pormal na “rules of procedure” o ebidensiya. Bagamat ang pagdinig ay di-gaanong pormal gaya ng paglilitis sa korte, ang pagdinig ay isasagawa ng may kaayusan katulad ng paglilitis.

Sa simula ng pagdinig, bubuksan ng ALJ ang recorder upang itala ang pagdinig, pagkatapos makilala ang kaso at ang mga panig para sa pagtatala, at maipaliwanag kung paano magsimula ang pagdinig. Kakausapin lamang ng ALJ ang isang panig tungkol sa kaso kung dumalo ang kabilang panig. Mahalagang magkaroon ng substantibong diskusyon ukol sa kasong nakatala.

Kapag nakumpleto na ang panimulang mga isyu, ang bawat panig ay bibigyan ng pagkakataon upang gumawa ng panimulang pangungusap, na magbibigay sa ALJ ng pagbubuod sa posisyon ng panig tungkol sa isyung narinig. Ang ebidensiya ay ilalahad pagkatapos ito. Ang panig na humiling ng pagdinig ay maunang maglalahad ng ebidensiya. Lahat ng mga testigo ay manunumpa na magsasabi ng totoo. Kapag naipakilala ng isang partido ang mga testigo at nakapaglahad na ng ebidensiya, tatawagin naman ng kabilang panig ang kanilang testigo sa kahilingan ng ALJ. Sasabihan ng ALJ ang magkabilang panig na maging pleksibol kung tatawaging ang mga testigo upang matiyak na lahat ng kaugnay na testimonya ay mailahad. Pagkatapos ng pagdinig, ang bawat partido ay pinapayagang magbigay ng panapos na pagtatalo. Sa iba, ang panapos na pananalita ay sinusumite sa paraan ng pagsusulat sa katapusan ng pagdinig.

Pagkatapos tanggapin ang pangwakas na pahayag, isasara ang tala ng pagdinig. Ihahanda na ng ALJ ang desisyong nakasulat na ipapada sa magkabilang panig.

## **ANU-ANONG MGA ISYU ANG ISINASAALANG-ALANG SA PAGDINIG?**

Ipinagbabawal ng batas estado at federal ang konsiderasyon sa due process na pagdinig ng ano mang isyu na hindi naisama sa kahilingan sa due process na pagdinig, hanggang sa lumagpas ng limang (5) araw bago ang pagdinig. Papahintulutan ng ALJ ang partido na magdagdag ng isyu sa ilalim ng Education Code Seksiyon 56502, subdibisyon (e). Ang panig na maghahangad ng karagdagang isyu sa isang kaso ay kailangang mag-file ng mosyon sa pagliban upang amyendahan ang reklamo. Kung na-amyendahan ang reklamo, ang panahon para sa sesyong pangresolusyon, pamamamagitan, at pagdinig ay sisimulang muli.

## **ANU-ANO ANG KARAPATAN NG MGA PANIG HABANG NAGDIDINIG (HEARING)?**

Ang lahat ng panig ay may sumusunod na karapatan habang dinidinig ang kaso:

- Karapatan sa representasyon. Lahat ng partido ay may karapatan na masamahan, mapagpayuhan, at matulungan ng abogado tagapayo at lahat ng mga taong may natatanging kaalaman o kasanayan kaugnay ng mga suliranin ng mga batang may kapansanan.
- Karapatang humiling ng di-pagsama ng mga testigo. Ang alin mang panig ay maaaring magtanong sa ALJ na hilingin ang magiging testigo na manatili sa labas ng silid-dinigan habang ang iba pang testitigo ay nagpapahayag ng kanilang testimonya. Pinahihintulutan ang praktis na ito ang ALJ na paghambingin ang testimonya ng testigo na hindi makarinig ng testimonya ng iba.
- Karapatang maglahad ng ebidensiya at argumento. Lahat ng partido ay may karapatang tumawag ng testigo at maglahad ng ebidensiya na makakatulong sa pagpapatunay ng kanilang kaso. Mabibigyan din sila ng pagkakataon na makipagtalo sa merit ng kanilang kaso.
- Karapatang harapin at i-cross-examine ang testigo. Lahat ng partido ay may karapatang lumantad kung ang testigo ay magpapahayag ng laban sa kanilang posisyon at makapagtanong tungkol sa testimonya nila.
- Karapatang magkaroon ng nakasulat na findings at desisyon. Kailangang maghanda ang ALJ ng nakasulat na desisyon batay sa natuklasang katotohanan, pagsusuri ng nararapat na batas, at desisyong pinal.

### **MAYROON BANG KARAGDAGANG KARAPATAN ANG MGA MAGULANG HABANG PRINOPROSESO ANG PAGDINIG?**

Nagtatakda ang batas ng mga sumusunod na espesyal na karapatan sa mga magulang bilang karagdagang kaparapatang nabanggit sa itaas.

- Karapatan para sa tagasalin. Kung ang pangunahing wika ng partido ay hindi English, magbibigay ng tagasalin ang OAH. Kailangang ipagbigay-alam na mabuti ng partido sa OAH na mangangailangan ng tagasalin bago ganapin ang pagdinig.
- Karapatang isara ang pagdinig sa publiko sa kahilingan ng magulang, isasara ng ALJ sa sinuman ang pagdinig, maliban sa mga kasali/kasapi/kalahok.
- Karapatan sa pampublikong pagdinig. Ang mga magulang ay may karapatang payagan ang publiko na dumalo sa pagdinig, kung ito ay kanilang pipiliin.
- Karapatan ng pagdalo ng estudyante. May karapatan ang magulang na padaluhin ang kanilang anak sa pagdinig.

### **ANO ANG KAPANGYARIHAN NG HUKOM NG BATAS ADMINISTRATIBO SA PAGDINIG?**

May kapangyarihan ang ALJ na gawin ang lahat ng mahalagang aksyon upang mabuo ang hearing sa mabilisang paraan, at ibigay ang pinal na desisyong pang-administratibo. Ayon sa batas ang opisyal ng pagdinig ay binibigyan ng karagdagang partikular na kapangyarihan sa:

- Tanunging ang nakatalagang testigo bago ang magtanong ang sinumang panig;
- Sa pahintulot ng lahat ng panig, hilingin na ang mga eskperton ay magtalakayan ang isyu habang naka rekord;
- Puntahan ang lugar ng kinalalagakan kung ang katangiang-pampisikal ng lugar ay nasa isyu;
- Tumawag ng testigo na magpapatunay sa pagdinig kung may kakahintulutan ang mga panig, o kaya'y ang pagdinig ay ipagpapatuloy 5 araw bago ang pagpapatunay ng testigo;
- Ipag-utos na ang imparsyal na assessment ng mag-aaral ay maisagawa (sasagutin ng OAH ang bayad);
- Maglagay ng makatwirang oras sa pagdinig; at
- Magpasimula ng “contempt sanction” o magpataw ng gastusin at bayad sa abogado laban sa isang panig, abogado, at iba pang kinatawan para sa masamang pag-aasal.

### **MAARI BA AKONG HUMILING SA PAGDALO NG “SECURITY” KAPAG MAY PAGDINIG?**

Aayusin ng OAH ang pagdalo ng “security officer” ayon sa kahilingan o kaya kung tinatayang kinakailangan.

### **ANO ANG MANGYAYARI KUNG HINDI AKO DADALO SA PAGDINIG?**

Kung hindi darating sa pagdinig ang taong humiling nito, maaaring ma-dismiss ang kahilingan sa pagdinig o maari ring ipagpatuloy kahit wala ang panig na humihiling, at maaring ibabatay ang desisyon sa mga ebidensiyang nailalahad sa pagdinig.

### **GAANO KATAGAL ANG PAGDINIG?**

Bago dumating ang pagdinig, tatantiyahin ng mga partido at ng ALJ ang tagal ng oras ng pagdinig, at irereserba ng ALJ ang bilang ng araw na nasa kalendaryo ng OAH. Kung lalabas na mas mahaba ang pagdinig, may diskresyon ang ALJ na magdagdag ng araw ng pagdinig.

## **MAGBIBIGAY BA ANG OAH NG HANGGANAN NG ORAS SA TESIMONYA NG TESTIGO?**

May kapangyarihan ang ALJ na gawi ito sa ano mang particular na kaso.

## **PINAPAYAGAN BA ANG TESTIMONYANG TELEPONIC?**

Oo, pinapayagan ang testimonyang telephonic sa ng diskresyon ng ALJ. Ang testigo na magpapahayag sa telepono ay kailangan handa sa lahat ng mga eksibit ng magkabilang panig.

## **ANG “TECHNICAL RULES OF EVIDENCE” BA AY MASUSUNOD SA PAGDINIG?**

Hindi angkop ang technical rules of evidence sa special education due process na pagdinig. Ang tuntunin sa admitting evidence sa due process na pagdinig ay matatagpuan sa Title 5 ng California Code of Regulations, seksiyon 3082(b).

## **ANO ANG LEGAL NA TUNTUNIN NA AKMA SA PAGDINIG?**

Kailangang desisyunan ng ALJ ang pagdinig na naaayon sa prinsipyong-legal na itinakda ng batas federal at batas estado, at ang desisyon ng korte na nagbibigay kahulugan sa mga simulain. Umaasa rin ang OAH sa “prior” desisyon ng ALJ at ang ahensiya ng predesesor, ang tanggapan ng Special Education Hearing, kung saan ang batas ay maaaring gamiting panghikayat, subalit hindi binding “authority”.

## **SAAN KO MAKIKITA ANG DAITNG MGA DESISYON NG OAH?**

Nakalagay ang desisyon ng OAH sa website na [www.oah.dgs.ca.gov](http://www.oah.dgs.ca.gov). Kasama rin sa website ng OAH ang California Department of Education na naglalaman ng lahat ng desisyon.

## **PAANO AKO MAGKA-FILE NG DOKUMENTO SA OAH?**

Tumatanggap ng dokumento ang OAH na ipapadala sa koreo, personal na ipapadala, o sa facsimile (fax) mula ika-8:00 ng umaga hanggang ika-5:00 ng hapon sa regular na araw na may pasok. Hindi kailangang mag-file ng dokumento ng mahigit sa isang pamamaraan. Hindi kailangang i-fax ng panig ang mga dokimentong may habang hihigit sa 35 pahina. Karaniwang naikokonsidera na nai-file ang dokumento sa araw ng pagkatanggap. Subalit, ang mga dokimentong tinanggap pagkalipas ng ika-5:00 ng hapon ay maikokonsidera sa susunod na araw na may pasok. Ang panig na mag-fafax ng dokumento ay hindi na kailangang maghintay pa ng ika-5:00 ng hapon bago mag-fax. Ang numero ng fax ng OAH ay 916-376-6319. Sa nabanggit sa nakaraan, ang OAH ay hindi nakatanggap ng mga dokumento sa pamamagitan ng email, subalit, binibigyan ng OAH ng option na ito sa mga magulang, estudyante, at mga ahensyang edukasyunal.

## **KAILANGAN BANG MAGPADALA AKO SA KABILANG PANIG O MGA PANIG NANG SABAY SA ORAS O PANAHOON?**

Hindi maisasaalang-alang na naka-file ang dokumento hanggat hindi nakikita sa dokumento na ito ay naipadala rin sa iba pang panig sa araw na ito ay pinadala sa OAH.

## **ANO ANG MANGYAYARI KUNG ANG HULING ARAW NG PAG-FILE AY NAITAPAT SA ARAW NA WALANG PASOK?**

Kung ang huling araw ng pagpa-file ay naitapat sa araw na walang pasok, automatiko itong mai-extend sa susunod na araw na may pasok.

## **GAANO KATAGAL ANG PAG-PROSESO DITO?**

Ayon sa batas, karamihan sa mga pagtatalo (dispute) ay kailangang dinigin at desisyunan sa loob ng 45 araw sa kalendaryo base sa pagkakatanggap ng due process na pagdinig. Hindi kasama sa oras na nakatalaga ang oras na ginamit sa patuloy na pagkakaliban (postponement) na hiniling ng isang panig at pinayagan ng OAH, o ang oras na nagamit sa “resolution session process”. Ang nagpapabilis ng pagdinig, kung saan ay may kinalaman ang disiplina ng istudyante, ay kailangang ganapin sa loob ng 20 araw na sila’y may pasok mula sa pagkakatanggap sa reklamo, at ang nakasulat na desisyon ay kailangang maibigay sa loob ng 10 araw na may pasok ang mga istudyante pagkatapos ng pagdinig.

## **PAANO KUNG TUTOL AKO SA DESISYON?**

May karapatan ang alin mang panig na i-apela ng desisyon ng korte estado o federal na may angkop na kakayahan at hurisdiksyon sa loob ng 90 araw mula sa pagkakatanggap ng desisyon at hindi na lalagpas pa rito. Nakatala ang pagadinig, at ang mga magulang ay may karapatan sa nakasulat at pasalitang “transcript” ng pagdinig. Kung gusto ng magulang na magkaroon ng transcript, kailangan nilang magsumite ng kahilngang pasulat sa OAH.

## **ANO ANG MAGAGAWA NG MAGULANG KUNG ANG DISTRITO PUROK PAMPAARALAN AY HIND NAKATUTUPAD SA KASUNDUAN SA PAMAMAGITAN (MEDIATION AGREEMENT) O HATOL SA PAGLILITIS?**

Kung ang purok pampaaralan o ang iba pang ahensya ay hindi tumutupad sa probisyon sa pag-ayos ng kasunduan o desisyon sa pagdinig, ang magulang ay maaaring mag-file ng reklamo sa California Department of Education, Special Education Division, Procedural Safeguards Referral Service, 1430 N Street, Sacramento, CA 95814, Attention: PSRS intake, telepono bilang: 800-926-0648, facsimile: 916-327-3404. Maaari ring mag-file ang magulang ng “lawsuit” sa nakatakdang korte.

## **PAANO KO MALALAMAN ANG MGA KASAGUTAN SA AKING MGA TANONG NA HINDI NASAGOT DITO?**

Ang sinuman ay maaaring tumawag sa OAH sa telepono bilang 916-263-0880 para sa karagdagang impormasyon tungkol sa “due process na pagdinig” at sistema ng “mediation”. Hindi makapagbibigay ng payong legal ang empleyado ng OAH, subalit sasagutin nila an anumang katanungan sa “procedural questions” ng magulang o distrito.